## FOLLOW US ON SOCIAL MEDIA!

FACEBOOK.COM/QCSBCDPO

YOUTUBE.COM/@QCSBCDPO

TIKTOK.COM/@QCSBCDPO

QUEZON CITY GOVERNMENT

# SBCDPO

SMALL BUSINESS AND COOPERATIVES DEVELOPMENT AND PROMOTIONS OFFICE

The Quezon City Small Business and Cooperatives Development and Promotions Office (QC-SBCDPO) is mandated to spur inclusive growth and development by stimulating entrepreneurship and enterprise enhancement amongst micro, small enterprises, and cooperatives (MSECs), through various programs, projects, and activities for their continued growth and sustainable development.

**MISSION**

To promote, support, strengthen, and encourage the establishing, continuing viability, and sustainable growth and development of innovative micro and small enterprises and cooperatives

**VISION**

Micro, Small Enterprises and Cooperatives (MSECs) as key drivers in Quezon City's inclusive economic growth.

## Contact us

**Office Hours**
**Monday to Friday | 8:00 AM – 5:00 PM**


6/F High Rise Building (West Wing),
Quezon City Hall Compound,
Elliptical Rd., Diliman, Quezon City

(8) 988 4242
loc. 8731/8734/8736

SBCDPO@quezoncity.gov.ph
PangkabuhayangQC
@quezoncity.gov.ph


Pangkabuhayang QC

# PANGKABUHAYANG QC (PBQC) PROGRAM



## ANO ANG PANGKABUHAYANG QC (PBQC) PROGRAM?

Ang Pangkabuhayang QC Program ay isang inisyatiba ng Quezon City Government na naglalayong tulungan ang ating QCitizens na makapagsimula o palawakin ang kanilang mga negosyo. Bukod sa capital assistance, binibigyan din ang ating mga aspiring entrepreneurs ng business training at networking session sa iba't ibang partners ng program na maaaring makatulong sa kanilang negosyo.

## SINO ANG PWEDENG MAG-APPLY SA PBQC?

- Micro Entrepreneur
- Unemployed Solo Parent
- Persons with Disability (PWD)
- Returning OFW or Member of an OFW Household
- Completers ng Livelihood o Entrepreneurship Training Programs (16 training hours o higit pa) na INENDORSO ng Quezon City Government, National Government o iba pang city-partnered training institution

## ANO ANG APAT (4) NA MAIN REQUIREMENTS PARA MAKAPAG-APPLY SA PBQC?

- ☑ **QUEZON CITY ID o QCID**
- ☑ **OTHER GOVERNMENT-ISSUED ID**
- ☑ **KOMPREHENSIBONG BUSINESS PLAN**

**Download:**
qc-sbcdpo.com/PBQCBusinessPlan

### ☑ CATEGORY REQUIREMENTS

Ito ay nakadepende sa inyong pinili na kategorya.

**MICRO ENTREPRENEUR**
Alinman sa mga sumusunod (Issued on or before the start of application period):

- Valid Barangay Permit
- City o Mayor's Business Permit
- Hawkers Permit mula sa Market Development and Administration Department (MDAD)

**SOLO PARENT**
Solo Parent ID o Certification mula sa Social Services Development Department (SSDD)

**PWD**
PWD ID mula sa Persons with Disability Affairs Office (PDAO)

**OFW NA NAGBABALIK BANSA O MIYEMBRO NG PAMILYA NG OFW**
Certification or endorsement mula sa Public Employment Service Office (PESO)/ QC Migrant Resource Center

**COMPLETERS NG LIVELIHOOD O ENTREPRENEURSHIP TRAINING PROGRAM (16 TRAINING HOURS O HIGIT PA) SA ILALIM NG QUEZON CITY GOVERNMENT, NATIONAL GOVERNMENT AGENCIES, O PANG CITY-PARTNERED TRAINING CENTERS/ INSTITUTIONS**
Certification o endorsement mula sa ahensya kung saan nagtapos ng training

**Para sa kumpletong impormasyon, bisitahin ang PBQC Digital Brochure:**
qc-sbcdpo.com/PangkabuhayangQC

## PAANO MAG-APPLY SA PANGKABUHAYANG QC?

**STAGE 1: Application Period**

1. Pumunta sa QC E-Services website (https://qceservices.quezoncity.gov.ph/)
2. Mag LOG-IN gamit ang iyong registered account.
3. Hanapin ang Pangkabuhayang QC icon sa dashboard.
4. Basahin nang mabuti ang requirements at qualifications. Siguraduhin na handa na ang mga kinakailangang dokumento.
5. Sagutan at ibigay ang mga hinihinging impormasyon at dokumento sa apat na bahagi ng PBQC Online Application Form: I. General Information, II. Summary of Business Plan, III. Requirements, at IV. Attestation).
6. I-check nang mabuti kung kumpleto at tama ang mga ibinigay na detalye. Kapag tapos nang sagutan ang Online Application Form at na-upload na ang mga kinakailangang dokumento, i-click ang SUBMIT.

**STAGE 2: Screening Period**
Maghintay ng dalawang linggo hanggang isang (1) buwan para sa screening ng mga isinumiteng dokumento. Makikita ang status ng inyong application sa QC E-Services kung ikaw ay aprubado na magpatuloy sa susunod na stage ng application process o hindi kaya'y rejected dahil sa hindi kumpleto o hindi valid na mga dokumento.

**STAGE 3: Interview at Validation**
Lahat ng aplikante na papasa sa Screening Period ay kinakailangan mag set ng kanilang Interview at Validation schedule. Huwag kalimutang dalhin sa iyong takdang schedule ang printed at orihinal na kopya ng iyong application form at iba pang dokumento.

**STAGE 4: Released of Approved Applicants**
Ilang araw matapos ang iyong interview o validation, mag-aanunsiyo ang QC-SBCDPO sa kanilang official Facebook page kung kailan lalabas sa QC E-Services ang final status ng iyong aplikasyon. Dito makikita kung ang iyong aplikasyon ay APPROVED o REJECTED.

**STAGE 5: Training at Payout**
Ang aplikante na may APPROVED status ay makakatanggap ng notification via email o text para sa schedule ng kaniyang payout at training. Tandaan na kinakailangang sumailalim sa PBQC Training ang lahat ng approved applicants bago makuha ang kanilang capital assistance.

**STAGE 6: Monitoring**
Ilang buwan matapos ang pagsasara ng PBQC (Phase 3), magsasagawa ng Monitoring activities ang QC-SBCDPO sa iba't ibang barangay upang malaman ang status ng negosyo ng mga naging benepisyaryo ng PBQC program.